

4

Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwartar 1

Linggo

5

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Gawaing Pampagkatuto sa Makabansa 4 Kuwartar 1: Linggo 5

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Edukasyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

Development Team

Writer:	Mimi A. Rambayon, Lilibeth C. Laforteza, B. Bhivian A. Adaza
Content Reviewer:	Dr. Marites B. Directo, Andrew E. Tan
External Content Validator:	Mark Joseph Santos, Kevin Paul Martija
External Language Validator:	???
Illustrator:	Leimar Padre
Layout Artist:	Rey Miguel, Elaine Margaret U. Baguio, Albert James Macaraeg

Management Team



JOCELYN DR ANDAYA, *CESO IV*, Director IV
CRISTITO A. ECO, *CESO III*, Assistant Regional Director
MICAH G. PACHECO, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
DENNIS M. MENDOZA, Regional EPS/Learning Resource Management Section Head
ANDREW E. TAN, Regional Araling Panlipunan Education Program Supervisor
LUCKY S. CARPIO, SDO Manila LRMS Education Program Supervisor

MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin	Paaralan:		Baitang:	4
	Pangalan ng Guro:		Asignatura:	Araling panlipunan
	Petsa at Oras ng Pagtuturo:		Kuarter:	1

	UNANG ARAW	IKALAWANG ARAW	IKATLONG ARAW	IKAAPAT NA ARAW
I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM				
<i>A. Pamantayang Pangnilalaman</i>	Naipamamalas ang pang-unawa sa pagkakakilanlan ng bansa ayon sa mga katangiang heograpikal.			
<i>B. Pamantayan sa Pagganap</i>	Nakagagawa ng presentasyon tungkol sa katangiang heograpikal ng bansa.			
<i>C. Mga Kasanayang Pampagkatuto</i>	Nailalarawan ang pagkakakilanlang heograpikal ng Pilipinas Heograpiyang Pisikal, Heograpiyang Pantao			
<i>D. Mga Layunin</i>	<p>Tiyak na layunin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nailalarawan ang klima at panahon na nararanasan sa bansa. 2. Naipaghahambing ang klima at panahon. 3. Nasusuri ang epekto ng klima at panahon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. 	<p>Tiyak na layunin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Naiisa-isa ang mga salik na nakaapekto sa klima ng Pilipinas. 2. Nasusuri ang salik na nakaapekto sa klima gamit ang mapa ng Pilipinas. 3. Natutukoy sa mapa ang mga lugar na nakakaranas ng matinding tag-init at tag-ulan sa ating bansa sa loob ng isang taon. 	<p>Tiyak an Layunin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nailalarawan ang mga hanging nakaapekto sa klima ng bansa. 2. Nasusuri ang mga lugar na pinanggagalingan ng mga hangin na nakaapekto sa klima ng bansa. 3. Nailalahad ang epekto ng mga hanging amihan at monsoon sa pamumuhay natin. 	<p>Tiyak na Layunin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Natutukoy ang uri ng klima sa Pilipinas. 2. Nailalarawan ang iba't ibang klima sa Pilipinas. 3. Natutukoy sa mapang pangklima ang mga lugar na nakakaranas ng iba't ibang uri ng klima.

			4. Nasasabi ang mga sistema ng hangin na nakaaapekto sa klima ng Pilipinas	
<i>E. Disenyong Instruksiyunal</i>	Collaboration, Context Engage Ideational Experience	Collaboration Engage Ideational Experience	Collaboration Experience Engage	Collabration Engage Experience Context
<i>F. 21st Century Skills</i>	Communication Skills Information, Media and Technology Skills	Communication Skills Information, Media and Technology Skills	Communication Skills Information, Media and Technology Skills	Communication Skills Learning and innovation Skills
II. NILALAMAN/PAKSA	Klima at Panahon	Mga Salik na Nakaaapekto sa Klima ng Pilipinas	Sistema ng hangin na nakaaapekto sa klima ng Pilipinas	Uri ng klima sa Pilipinas
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
<i>A. Mga Sanggunian</i>	Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP4 The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian pp. 46-48 Araling Panlipunan 4 pp. 22-23	Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP4 The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian pp. 46-48 Araling Panlipunan 4 pp. 22-23	Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP4 The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian pp.49-50;	Lahing Kayumanggi (Batayang Aklat sa AP4 The Library Publishing House, Edgardo B. Fabian pp. 52-53
<i>B. Iba pang Kagamitan</i>	Mapang pang klima	Mapang pang klima	Mapang pang klima mapa ng mundo o globo	Mapang pang klima
IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO				
Bago Ituro ang Aralin				
<i>Panimulang Gawain</i>	Gamit ang inyong white board isulat ang tinutukoy ng mga sumusunod na katanungan 1. Sino ang Pangulong lumagda sa Saligang Batas bilang 1596 ? 2. Ano ang nilagdaan ni Pangulong Marcos noong ika-11 ng Hunyo, 1978?	Laro: Hep-hep Hurray Panuto: 1. Palitan ng hep- hep ang panahon at ng hurray ang klima. 2. Ipalakpak ng dalawang	Ipakita ang masayang mukha kung ang mga sumusunod ay salik na nakaaapekto sa klima ng bansa at malungkot na	Pangkatang Gawain: Pangkatin ang mga bata sa tatlong grupo. Isusulat ng bawat grupo ang tamang sagot sa mga katanungan sa

	<p>3. Ano ang buong kahulugan ng UNCLOS (akronim)?</p> <p>4. Ano -ano ang mga isla nakapalibot sa West Philippine Sea na pinag-aagawan ng Pilipinas at Tsina?</p>	<p>beses ang mga kamay pababa kapag panahon at ipalakpak ng dalawang beses ang mga kamay pataas kapag klima.</p> <p>3. Ang matitirang manlalaro ang mananalalo.</p> <p>Hal. Panahon- Klima</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tag-init 2. Malamig 3. Tag-ulan 4. Mainit 	<p>mukha kung hindi.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. altitude 2. temperatura 3. dagat 4. latitude 5. ulap 	<p>illustration board. Ang pangkat na nakakuha ng pinakamataas na puntos ng tamang sagot ang mananalalo.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Saan nanggagaling ang hanging amihan? hanging habagat? 2. Sa anong mga buwan kalimitang nararamdaman ang hanging amihan? hanging habagat?
<p><i>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</i></p>	<p>Awiting pinamagatang <i>Iba't ibang Klima</i> (Awit: Iba't ibang Klima) Youtube: #flexybearoriginals (Maaaring ang guro ay magpanood ng Weather news na galing sa Pag-asa) Ang mga mag-aaral ay hihikayatin na isulat sa pisara ang mahahalagang konsepto o impormasyon na nadinig at napanood mula sa video.</p> <p>Pamprosesong tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang klima at panahong nabanggit sa weather news? 2. Ipasulat sa pisara o maaaring mayroon ng nakahandang plaskard ang guro ng sumusunod: <p style="text-align: right;">A. Panahon</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Malamig 2. Mainit 	<p>Panoorin ang video “<i>Mga salik na nakaaapekto sa klima</i>” https://www.youtube.com/watch?v=Xtl72WxBPP8</p> <p>Gamit ang Mapang pang klimang ng Pilipinas.</p> <p>Ipatutukoy o ipatuturo ang mga eksaktong lugar sa Pilipinas na</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. nakaharap sa dagat Pasipiko. 2. matataas na lugar. 3. napapalibutan ng tubig 4. daanan ng malalakas na hangin mula sa silangan at kanluran. <p>Mula sa Concept Map maipapakita ang mga mga</p>	<p>Buoin ang mga salita na may kaugnayan sa salik na nakaaapekto sa panahon at klima. Gamit ang bilang sa alpabeto</p> <p>Hal.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1- A 2- B 3- Atbp. <p>8-1-14-7-9-14 H -A- N- G- I- N</p> <p>Pamprosesong tanong</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang mga nabuong salita? <p>HANGIN- ito ay may malaking kaugnayan sa</p>	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pareho ba ang dami ng ulan na nararanasan sa ibang bahagi ng ating bansa? Bakit? 2. Ano sa palagay ninyo ang nakaaapekto sa dami ng ulan sa iba't ibang bahagi ng ating bansa?

	<p style="text-align: right;">B. Klima</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tag-ulan 2. Tag-init <p>(Ang plaskard ay magagamit din ng guro sa pagpapalalim ng aralin)</p>	<p>salik ng klima.</p> <p>Ipapasuri ang concept map sa mga bata at ipasasagot ang mga sumusunod na tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano- ano ang mga salik na nakaaapekto sa panahon at klima? 2. Paano nakaaapekto ang bawat salik sa panahon at klima sa ating bansa ? <p>(inilagay sa talakayan)</p>	<p>paksang ating tatalakayin.</p>	
<p><i>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</i></p>	<p>Suriin ang mga larawan at sagutan ang mga sumusunod na tanong.</p>  <p>https://www.vectorstock.com/royalty-free-vector/waterproof-clothes-and-things-for-rainy-weather-vector-31885155</p>	<p>Panoorin ang video “<i>Mga salik na nakaaapekto sa klima</i>”</p> <p>https://www.youtube.com/watch?v=XtI72WxBPP8</p> <p><u>(ito ay inilagay sa lunsaran o panimulang gawain)</u></p> <p><i>Maglahad ng Concept Map ang guro tungkol sa mga salik ng klima.</i></p> <p>Ipasuri ang concept map sa mga bata at ipasagot ang mga gabay na tanong. maaaring gumamit ng matrix sa halip na concept</p>	<p>Pagpapakita ng larawan gamit ang mapa ng mundo o globo.</p> <p>Hanging Amihan</p>  <p>Hanging Habagat</p>	



<https://epiccapital.com/thinking-about-summer-travel/>

1. Alin sa mga larawan sa itaas ang bagay na ginagamit sa maulan na panahon?
2. Bakit ninyo ito pinili bilang gamit pang-ulan?
3. Alin sa mga larawan sa itaas ang bagay na ginagamit sa mainit na panahon?
4. Bakit ninyo pinili ang mga ito bilang bagay na gamit pang-tag-init?

mapping)


1	2	3	4

1. malapit sa dagat, tubig,
2. matataas,
3. napapalibutan ng tubig,
4. daanan ng hangin mula sa silangan at kanluran.

Pamprosesong Tanong

1. Ano ang **nararanasang** klima ng nasa mataas na lugar? Batay sa kanilang lokasyon at lugar na **kinalalagyan**, bakit sila nakararanas ng ganitong klima?
2. Ano ang mga salik na nakaaapekto sa panahon at klima?
3. Paano nakaaapekto ang bawat salik sa panahon at klima?

Ang Guro ay gagamit ng mapang pangklima ng Pilipinas upang matukoy



		ang mga lugar na nakararanas ng matitinding tag-ulan at tag-araw sa buong taon.		
Habang Itinuturo ang Aralin				
<i>Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i>	<p>3. Anong klima ang nararanasan natin sa Pilipinas? Ipaliwanag ang bawat isa.</p> <p>Ang guro ay gagamit ng GLOBO upang matukoy ang lokasyon ng Pilipinas maaaring gumawa ang guro ng halimbawang araw upang makita ng mag-aaral ang relasyon ng lokasyon sa uri ng klima ng isang bansa.</p> <p>Pamprosesong tanong.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Batay sa lokasyon ng bansa sa mundo, ano ang maaaring maging klima ng ating bansa? <ol style="list-style-type: none"> 2. Sa Pilipinas ano ang kalimitang nararanasan nating panahon sa buwan ng Marso Abril at Mayo? (Mainit- Tag-init) At sa buwan ng Hunyo , Hulyo , Agosto, at Setyembre, ano ang kalimitang nararanasan nating panahon? (Maulan o tag- ulan) <p>3. Ano ang kahulugan ng KLIMA?</p> <p>Ang guro ay magpapakita ng mapa, ipatuturo sa bata ang lokasyon ng Baguio at Tagaytay. Anong kalimitang panahon ang nararamdaman sa mga naturang lugar? (MALAMIG)</p>	<p>Batay sa napanood na video. Ituro o tukuyin ang mga lugar sa mapa, ibigay ang mga salik na nakaaapekto sa klima ng ating bansa.</p> <p>Mga salik na nakaaapekto sa klima ng Pilipinas:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. latitude 2. altitude 3. temperatura 4. hangin 5. katubigan 6. dami ng ulan 	<p>Suriin ang mga larawan at ibigay ang pagkakaiba ng mga ito gamit ang tsart. (Itala ang mga sagot sa tsart na inihanda ng guro sa pisara)</p> <p>Basahin at unawain ang mga mahahalagang konsepto kaugnay ng sistema ng hangin na nakaaapekto sa klima ng Pilipinas.</p> <p>Ang hanging amihan/northeast monsoon ay bunsod ng malamig na hangin sa rehiyon ng Siberia at ang hanging habagat o southwest monsoon ay nanggagaling sa Australia at pumapasok sa direksiyong timog kanluran ng bansa.</p>	<p>Hatiin sa tatlong grupo ang mga mag-aaral. Bigyan ng envelope ang bawat grupo na may isang katanungan tulad ng nasa ibaba.</p> <p>Sasagutin ng bawat grupo ang mga tanong.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Paano nakakaapekto ang mga bundok at bagyo sa dami ng ulan na nararanasan sa Pilipinas? 2. Ano ano ang uri ng klima sa Pilipinas ayon sa dami ng ulan? 3. Lahat ba ng bahaging Pilipinas ay maulan?

	<p>Sa kasalukuyan , ano ang panahon na nararamdaman natin ngayon sa Metro Manila na nagiging dahilan ng pagsususpindi ng klase na dati ay ang matinding pag-ulan na maaaring magdulot ng kapahamakan.</p> <p>4. Ano ang kahulugan ng panahon?</p>			Patunayan ang inyong sagot
<p><i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Pangkatang Gawain: Hatiin sa dalawang grupo ang mga mag- aaral at ayusin ang mga istrip ng papel tungkol sa kahulugan ng panahon at klima.</p> <p>Ang unang makatatapos at makabubuo ang siyang mananalo. Idikit ang mga sagot sa pisara o sa manila paper.</p> <p>(Maaaring isa lang ang sasagot at hindi lahat ng miyembro ng pangkat sapagkat ito ay maaari na lang tukuyin ng mag- aaral.</p> <p>Panahon - ito ay kondisyon ng atmospera o himpapawid sa isang lugar sa tiyak na oras.</p> <p>Klima - ito ay kabuoang kalagayan ng panahon na tumatagal sa isang bansa.</p>	Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa mga salik na nakakaapekto sa klima ng Pilipinas	<p>Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa kaugnayan ng hanging habagat, hanging amihan at trade winds sa klima.</p> <ol style="list-style-type: none"> Anong direksiyon ang tinatahak ng hanging amihan?; hanging habagat?; trade winds? Ano ang northeast monsoon ? Southwest monsoon ? trade winds ? Ano ang kaugnayan ng hangin sa klima at panahong nararanasan ng bansa? <p>Gamit ang matrix sagutan ang mga katanungan sa itaas.</p>	<p>Nakakaranas ba kayo ng malakas na bagyo?</p> <p>Ano ang naidudulot nito sa inyong lugar ?</p>


<p><i>Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</i></p>	<p>Itala sa tsart ang pagkakaiba ng Klima at Panahon Batay sa larawan gamit ang mapa at globo, Ano ang pagkakaiba ng klima at panahon?</p> <p>Maaring gumamit ng Venn Diagram sa paghahambing at pagkakatulad upang maging malinaw sa mag- aaral.</p> <p>Ano ang kaugnayan ng klima sa pamumuhay ng mga tao sa Pilipinas? Paano nakaaapekto ang panahon sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga sumusunod na manggagawa sa Pilipinas:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. magsasaka 2. mangingisda <p>3. Nagtitinda sa palengke (Ang guro ay maaari pang magbigay ng karagdagang halimbawa.)</p> <p>Ang klase ay maaaring pangkatin sa mga sumusunod na tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano ang mga paboritong lugar na binibisita at pinapasyalan natin sa panahon ng tag- init? 2. Ano ang mga kalimitang pagkain natin sa panahon ng tag-ulan? 3. Ano ang ating mga kasuotan tuwing mainit ang panahon? 	<p>Gawain: “Think – Pair and Share”</p> <p>Panuto: Pag-usapan ang sagot sa mga tanong at ibahagi ito sa klase.</p> <p>Mga gabay na tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Paano nakaaapekto ang altitude sa klima ng isang lugar? 2. Ano ang epekto ng katubigan sa klima ng bansa? 3. Bakit nakaaapekto ang latitude sa klima ng bansa? <p>Ipabasa ang mga mahahalagang konsepto kaugnay ng aralin.</p> <p>Ang Mga Salik na nakaaapekto sa Klima ng Pilipinas:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Latitude o lokasyon ng lugar sa mundo. Ang mga lugar na malapit sa ekwador ay mainit dahil makatatanggap ang mga lugar na ito ng direktang init sa araw. 2. Altitude o taas ng lugar. Mas malamig ang klima sa mga matataas na lugar at mas maulan din kumpara sa mga nasa mababang lugar. 3. Temperatura. Tumutukoy sa init o lamig ng isang bagay o lugar. Mas 	<p>Suriin muli ang larawan na naipakita at sagutin ang mga tanong.</p> <p>Anong direksiyon ang tinatahak ng hanging amihan?; hanging habagat?; trade winds</p> <p>Ano ang northeast monsoon ? Southwest monsoon ? trade winds ?</p> <p>Gamit ang matrix punan ang mga hinihinging impormasyon</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Uri ng hangin 2. Kahulugan 2. Direksiyong pinagmumulan 3. Klima/ Panahong nararanasan 4. Epekto sa pamumuhay ng tao. <p>Sa pamamagitan ng matrix magkakaroon ng malayang talakayan.</p> <p>Isang kumakatawan ng pangkat tatalakayin ang</p>	<p>Itanong sa mga mag- aaral ang mga pangalan ng bagyo kanilang naalala at ipaunawa sa kanila ang kinalaman nito sa pagdami ng ulan.</p> <p>Ang klima ng Pilipinas ay may apat na uri kung ang pagbabatayan ay ang distribusyon o dami/daloy ng ulan.</p> <p>Gamitin ang mapa ng Pilipinas sa pagtalakay ng apat na uri ng klima:</p> <p>Unang Uri – tagtuyot mula Nobyembre- Abril, tag-ulan mula Hunyo- Setyembre. Nararanasan ng mga taga kanlurang Luzon, kanlurang Mindoro, kanlurang Negros at kanlurang Palawan.</p> <p>Ikalawang Uri – walang panahon, tagtuyot ngunit</p>
--	--	--	---	--

		<p>mababa ang temperatura ng mataas na lugar kaysa sa mababang lugar na kapantay ng dagat.</p> <p>4. Hangin. Iba't iba ang direksiyon ng hangin sa iba't ibang panig ng mundo. May trade winds, southwest monsoon at northeast monsoon.</p> <p>5. Katubigan. Mas mainit ang mga lugar na malapit sa katubigan kapag araw kaysa sa gabi.</p> <p>6. Dami ng Ulan. May mga lugar sa Pilipinas na maulan at mayroon ding hindi. Mas malamig ang klima kapag maulan</p>	<p>gamit ng mapa ng Pilipinas.</p>	<p>nakararanas ng matinding pag-ulan mula Disyembre – Pebrero .</p> <p>Nararanasan ito ng Catanduanes, Surigao, silangang bahagi ng Albay, silangan at hilaga ng Camarines Norte at Sur, malaking bahagi ng silangan ng Quezon, Leyte at Mindoro</p> <p>Ikatlong Uri -Tag-init mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan ang natitirang buwan. Gaya ng mga Lugar:Lambak ng Cagayan, silangan ng Mountain Province, Masbate, Timog Quezon</p> <p>Ikaapat na Uri -Tag-ulan halos buong taon. Madalas ang pag-ulan, gaya ng mga lugar ng: Batanes, Hilagang-silangang Luzon, Timog-kanlurang</p>
--	--	---	------------------------------------	---

				Camarines Sur, Albay, Marinduque, Kanlurang Leyte, at Bohol.
--	--	--	--	--

Pagkatapos Ituro ang Aralin

<p><i>Paglalatap at Paglalahat</i></p>	<p>Dugtungan ang mga parirala upang makabuo ng maikling pangungusap.</p> <p>1. Kailangan nating malaman ang uri ng panahon sa araw- araw at klima sa isang lugar upang _____.</p> <p>2. Nakakaapekto ang panahon sa mga gawain sa araw- araw dahil ____.</p>	<p>Pangakatang Gawain: PICK AND TELL</p> <p>Panuto: Bubunot ang isang representatib ng bawat pangkat ng isang larawan ng mga salik na nakakaapekto sa panahon at klima. Ipapaliwanag ito sa harap ng klase batay sa epekto nito sa pagbabago ng klima</p> <p>(Maaari ding balikan ang paksa at kung natamo ang layunin sa araw na ito.)</p> <p>Gabay na tanong</p> <p>1. Ano ang mga salik na nakakaapekto sa klima ng bansa? 2. Punan ang pangungusap. Sa panahong nakararanas ng matinding tag-ulan, ako ay tumutulong sa aking magulang sa paghahanda sa pamamagitan ng</p>	<p>Bakit mahalagang malaman ang direksiyon at pinanggagalingan ng hanging amihan, hanging habagat at balaklaot (trade winds) sa ating pang-araw-araw na pamumuhay at kaligtasan?</p>	<p>Paano nakakaapekto ang dami ng ulan sa klima ng isang bansa.</p> <p>Kung ikaw ay nakatira malapit sa baybayin ng dagat, ano ang mga dapat gawin sa panahon ng tag-ulan?</p>
--	--	--	--	--

		_, at __upang maging laging ligtas ang aming pamilya.		
<i>Pagtataya ng Natutuhan</i>	<p>Panuto: Isulat ang termino o salita na inilalarawan ng sumusunod na pangungusap.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang klimang nararanasan sa ating bansa. 2. Ito ay kondisyon ng atmospera o himpapawid sa isang lugar sa tiyak na oras. 3. Ito ay kabuoang kalagayan ng panahon na tumatagal sa isang bansa. 4. Ang tinaguriang summer capital ng Pilipinas. 5. Ang klimang madalas na nararanasan ng mga lugar na malapit sa Pasipiko. 	<p>Punan ang FISH BONE ng mga salik na nakaaapekto sa panahon at klima ng Pilipinas.</p> <p>SALIK</p> <p>Panahon</p>  <p>Klima</p>	<p>Kumpletohin ang tsart. Ibigay ang kahulugan ng tatlong sistema ng hangin na nakaaapekto sa Pilipinas.</p> <p>Panuto:</p> <p>Tukuyin kung anong uri ng hangin ang nararanasan ng ating bansa batay sa mga sumusunod na buwan:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Nobyembre 2. Enero 3. Pebrero 4. Marso 5. Mayo 	<p>Ano-ano ang apat na uri ng klima sa Pilipinas ayon sa dami/daloy ng ulan?</p>
<i>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</i>	<p>Salik na Nakakaapekto sa klima ng bansa Gabay na Tanong:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa klima ng bansa? 2. Ibigay ang kahulugan ng sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> a. Climate Change b. Hanging habagat at hanging Amihan c. Hanging Monsoon d. PAGASA 3. Magdala ng mapa ng Pilipinas. <p>Sanggunian:</p>	<p>Saang lugar nais mong puntahan na may malamig na panahon? Bakit?</p> <p>Bakit malamig ang klima sa ibang lugar ng bansa?</p> <p>Gumawa ng iyong sariling BUCKET LIST (Ano-ano mga paboritong mong lugar na gustong marating sa panahon ng tag-init o summer) at ipaliwanag ang sagot kung bakit nais mo itong mapuntahan.</p>	<p>Sumulat ng maikling tula tungkol sa hangin na binubuo ng 3 taludtod. (Magbibigay ang guro ng rubric sa pagmamarka ng tula)</p>	<p>Itala sa tsart ang mga lugar na kabilang sa bawat uri ng klima. (Ang guro ay maghahanda ng tsart para sa gawaing ito.)</p> <p>Unang Uri (tagtuyot mula Nobyembre- Abril, tag-ulan mula Hunyo- Setyembre)</p>

	Araling Panlipunan 4 Pahina 27-35			<p>Ikalawang Uri (walang panahon, tagtuyot ngunit nakakaranas ng matinding pag-ulan mula Disyembre – Pebrero)</p> <p>Ikatlong Uri (tag-init mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan ang natitirang buwan)</p> <p>Ikaapat na Uri – (tag-init mula Nobyembre hanggang Abril at tag-ulan ang natitirang buwan)</p>
<i>Mga Tala</i>				
<i>Repleksiyon</i>				